
# Pulang Mansanas

May pulang mansanas si Rosa.
Ito ay galing sa kanyang nanay.
Hinugasan niya ang mansanas.
Umupo siya sa sala.
Kinagat niya ang mansanas.
Matamis ito.
Masayang kumain si Rosa.




FT FUN TEACHER FILES

# Pulang Mansanas

## Mga Tanong:

1. Sino ang may pulang mansanas?
2. Sino ang nagbigay ng mansanas?
3. Ano ang ginawa ni Rosa bago kumain?
4. Ano ang lasa ng mansanas?
5. Saan umupo si Rosa?



FT FUN TEACHER FILES

# Bola

May asul na bola si Dan.
Naglalaro siya sa bakuran.
Hinagis niya ang bola.
Tumalbog ang bola sa damo.
Hinabol ni Dan ang bola.
Nakuha niya ito.
Masaya siyang naglaro.



FT FUN TEACHER FILES

# Bola

## Mga Tanong:

1. Sino ang may bola?
2. Ano ang kulay ng bola?
3. Saan naglalaro si Dan?
4. Ano ang ginawa niya sa bola?
5. Ano ang naramdaman niya?



FT FUN TEACHER FILES

# Ang Magkakaibigan

Magkaibigan sina Ana at Joy.
Magkasama silang naglalakad.
Pumunta sila sa parke.
May nakita silang slide.
Sumakay sila sa slide.
Nagtawanan sila.
Masaya ang dalawang bata.



FT FUN TEACHER FILES

# Ang Magkaibigan

## Mga Tanong:

1. Sino ang magkaibigan?
2. Saan sila pumunta?
3. Ano ang nakita nila sa parke?
4. Ano ang ginawa nila sa slide?
5. Ano ang naramdaman nila?



FT FUN TEACHER FILES

# Bagong Bag

May bagong bag si Lino.
Ito ay kulay berde.
Dinala niya ito sa paaralan.
Inilagay niya ang kanyang mga libro sa bag. Masaya siyang pumasok sa klase. Iningatan ni Lino ang kanyang bag.



FT FUN TEACHER FILES

# Bagong Bag

## Mga Tanong:

1. Sino ang may bagong bag?
2. Ano ang kulay ng bag?
3. Saan dinala ni Lino ang bag?
4. Ano ang inilagay niya sa bag?
5. Ano ang ginawa niya sa bag?



FT FUN TEACHER FILES